Mensahe Labindalawa

# Walang Kabuluhan ng mga Walang Kabuluhan, ang Realidad na na kay Hesus, at ang Pagkahayag ng mga Anak ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Ecl. 1:2-11, 14; 2:17, 22; 3:11; 12:8; Awit 39:4-6; Efe. 4:17-21, 24; 1 Juan 5:20; Roma 8:19-22

**I. "Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan; lahat ay walang kabuluhan"—Ecl. 1:2b:**

A. Sa Eclesiastes 1:2-11 ay makikita natin na ang paksa ng aklat na ito ay walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan:

1. Ang sentrong kaisipan ng Eclesiastes ay ang walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan ng pantaong buhay sa ilalim ng araw sa pagkahulog nito mula sa Diyos—b. 2.
2. Ang mga nilalaman ng Eclesiastes ay isang paglalarawan ng pantaong buhay ng natisod na sangkatauhan sa ilalim ng araw, isang buhay sa napasamang sanlibutan—Efe. 2:12.
3. Ipinakikita ng mga pagtuturo ni Solomon sa Eclesiastes na ang pantaong buhay sa napasamang sanlibutan ay isang walang kabuluhan, isang paghahabol sa hangin—1:14.
4. Ayon sa Eclesiastes, ang pantaong kasaysayan, mula sa simula nito hanggang sa kasalukuyan, ay walang kabuluhan—12:8.
5. Gaano man kabuti, kaekselente, kagila-gilalas, at kamangha-mangha ang isang bagay, hangga't ito ay sa lumang nilikha, ito ay bahagi ng walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan sa ilalim ng araw—1:9; 2:11, 17, 22.
6. Tanging ang bagong nilikha, na siyang nasa kalangitan at hindi nasa "ilalim ng araw" (1:9), ay hindi walang kabuluhan kundi katotohanan—2 Cor. 5:17; Gal. 6:15; Efe. 4:24.

B. Sa Awit 39:4-6, natanto ni David ang pagiging walang-saysay at walang-kabuluhan ng kanyang buhay:

1. Sa awit na ito, si David ay dinala ng Diyos upang matanto na siya ay walang halaga at walang kabuluhan; nalaman niya na bawat tao sa kanyang pinakamahusay ay pawang walang kabuluhan—b. 5.
2. Ang ating pagkatanto na ang ating kondisyon ay makasalanan (Awit 38) at na ang ating sitwasyon ay isa na sa walang kabuluhan ay nagbubukas ng daan para kay Kristo na ipako tayo at makapasok tungo sa atin upang halinhan tayo sa pamamagitan ng pamumuhay ng Kanyang sarili sa atin at pagsasanhi sa atin na mamuhay kasama Niya sa loob ng isang organikong kaisahan, gaya ng inihayag ni Pablo sa Galacia 2:20.

C. Ang tao ay nilikha ng Diyos nang may pinakamataas at pinakamarangal na layunin, yaon ay, ang ihayag ang Diyos sa Kanyang larawan kalakip ang Kanyang dibinong buhay at kalikasan—Gen. 1:26:

1. Ang kaaway ng Diyos, si Satanas, ang diyablo, ay dumating upang iturok ang kanyang sarili bilang kasalanan tungo sa taong nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin—3:1-6; Roma 5:18; 3:23; 1 Juan 3:4.
2. Sa pamamagitan nitong pagkahulog ng tao, ang tao at ang lahat ng nilikhang bagay na ipinagkaloob ng Diyos sa kanyang kapamahalaan ay napasailalim ng kawalang-

kabuluhan (Roma 8:20-21); sa gayon, ang pantaong buhay sa napasamang sanlibutan ay naging walang kabuluhan.

3. Ang paraan upang matakasan natin ang walang kabuluhang ito ay ang bumalik sa Diyos at kunin ang Diyos sa loob ni Kristo bilang katubusan, buhay, yaman, katamasahan, kaluguran, at kasiyahan upang tayo ay magamit pa rin ng Diyos upang isakatuparan ang Kanyang orihinal na layunin sa paglikha ng tao para sa pagsasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonomiya—Ecl. 12:13-14.

D. Bagama't ang pantaong buhay sa napasamang sanlibutan ay isang walang kabuluhan, isang paghahabol sa hangin, kailangan nating matanto na naglagay ang Diyos ng walang hanggan sa puso ng tao—3:11:

1. Ang "walang hanggan" sa Eclesiastes 3:11 ay "isang dibinong itinanim na pandama ng layunin na gumagawa sa mga kapanahunan na walang anumang bagay sa ilalim ng araw kundi ang Diyos lamang ang makapagbibigay-kasiyahan" (The Amplified Bible).
2. Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan at binuo sa kanya ang isang espiritu nang sa gayon ay matanggap at maisilid Siya ng tao at magkaroon ng pusong naghahanap sa Diyos Mismo upang ang Diyos ay maging ang kasiyahan ng tao—Gen. 1:26; 2:7; Zac. 12:1.
3. Bagama't natisod ang tao palayo sa Diyos, at pumasok ang kasalanan sa pamamagitan ni Satanas upang hadlangan ang tao mula sa pagtanggap sa Diyos para sa kanyang kasiyahan, ang pagnanais para sa Diyos, ang paghahangad para sa Diyos, ay nananatili pa rin sa puso ng tao—Ecl. 3:11.
4. Hinding-hindi makapagbibigay-kasiyahan sa tao ang mga pansamantalang bagay; tanging ang walang hanggang Diyos, na siyang si Kristo, ang makatutugon sa kaibuturang pandama ng layunin sa puso ng tao—cf. 2 Cor. 4:18.

**II. Inilalahad ni Pablo sa Efeso 4:17-21 at 24 ang realidad na na kay Hesus para sa paglakad na wala na sa kawalang-kabuluhan ng kaisipan:**

A. Hinihikayat ni Pablo sa Efeso 4:17 ang mga mananampalataya na "hindi magsilakad pa na gaya naman ng paglakad ng mga Hentil, sa kawalang-kabuluhan ng kanilang kaisipan":

1. Ang pangunahing elemento sa pang-araw-araw na buhay ng natisod na sangkatauhan ay ang kawalang-kabuluhan ng kaisipan.
2. Ang mga Hentil, ang mga bansa, ay ang mga natisod na tao, na naging walang kabuluhan sa kanilang pangangatwiran—Roma 1:21:
   a. Lumalakad silang wala ang Diyos sa kawalang-kabuluhan ng kanilang kaisipan at kinokontrol at pinamamahalaan ng kanilang walang kabuluhang mga kaisipan.
   b. Sa mga mata ng Diyos at ni apostol Pablo, anumang iniisip, sinasabi, at ginagawa ng mga tao sa sanlibutan ay walang iba kundi kawalang-kabuluhan.
3. Ang mga bansang nagsisilakad sa kawalang-kabuluhan ng kanilang kaisipan ay napadilim sa kanilang pang-unawa dahil sa katigasan ng kanilang puso—Efe. 4:18:
   a. Kapag ang kaisipan ng natisod na tao ay punô ng kawalang-kabuluhan, ang kanilang pang-unawa ay napadidilim sa mga bagay ng Diyos—Awit 94:11.
   b. Ang katigasan ng puso ng natisod na tao ay ang pinagmumulan ng kadiliman ng kanyang pang-unawa at ang kawalang kabuluhan ng kanyang kaisipan—Efe. 4:17-18.

B. Sa Efeso 4:17-21 ay may pagkakaiba sa pagitan ng realidad na na kay Hesus at sa kawalang-kabuluhan ng natisod na pantaong kaisipan:
   1. Sa di-makadiyos na paglakad ng natisod na tao ay may kawalang-kabuluhan, ngunit sa makadiyos na buhay ni Hesus ay may realidad.
   2. Ang realidad na na kay Hesus ay "ang realidad" ng bagong tao na binanggit sa bersikulo 24:
      a. Ang daya (b. 22) ay ang pagsasakatawan ni Satanas, at ang realidad (b. 24) ay ang pagsasakatawan ng Diyos; ang daya ay ang diyablo, at ang realidad ay ang Diyos.
      b. Ang Diyos bilang realidad ay itinanghal sa buhay ni Hesus—b. 21.
   3. Ang realidad na na kay Hesus ay ang aktuwal na kalagayan ng buhay ni Hesus na itinala sa apat na Ebanghelyo:
      a. Ang pantaong pamumuhay ni Hesus ay ayon sa realidad, yaon ay, ayon sa Diyos Mismo—b. 24.
      b. Ang esensiya ng buhay ni Hesus ay realidad; palagi Siyang lumalakad sa realidad.
      c. Ang lahat ng bagay na ginawa ng Panginoon sa Kanyang pantaong buhay ay ang Diyos na naihayag at samakatwid ay realidad.
   4. Ang buhay ni Hesus ayon sa realidad ay ang tularan para sa buhay ng mga mananampalataya—2 Juan 1-2, 4; 3 Juan 3-4:
      a. Kailangan nating matutuhan si Kristo at maturuan sa loob Niya na mamuhay ng isang buhay ng realidad—Efe. 4:20-21; 2 Juan 1; Juan 4:23-24.
      b. Bilang mga sangkap ng katawan ni Kristo, dapat tayong mamuhay ng isang buhay ng realidad, gaya ng ang realidad ay na kay Kristo—isang buhay na naghahayag ng Diyos.

C. Maaari tayong makapamuhay sa realidad na na kay Hesus dahil "tayo ay nasa loob Niya na tunay"—1 Juan 5:20:
   1. Ang *Niya na tunay* ay tumutukoy sa Diyos na nagiging subhektibo sa atin, sa Diyos na obhektibo na nagiging ang tunay na Isa sa ating buhay at karanasan.
   2. Ang mapasaloob ng Isa na siyang tunay—ang tunay na Isa—ay ang mapasaloob sa Kanyang Anak na si Hesu-Kristo, sapagkat ang Panginoong Hesus, ang Anak ng Diyos, ay ang tunay na Diyos—b. 20.
   3. Ang Isa na tunay ay ang dibinong realidad; ang makilala ang Isa na tunay ay nangangahulugang makilala ang dibinong realidad sa pamamagitan ng pagdaranas, pagtatamasa, at pag-angkin sa realidad na ito.

**III. Dahil ang sangnilikha ay napasailalim ng kawalang-kabuluhan, ang sangnilikha ay sabik na naghihintay sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos "sa pag-asang ang sangnilikha naman ay mapalalaya mula sa pang-aalipin ng kabulukan tungo sa kalayaan ng kaluwalhatian ng mga anak ng Diyos"—Roma 8:19-22:**

A. Bilang resulta ng pagtuturok ni Satanas ng kanyang sarili bilang kasalanan tungo sa tao, ang tao at ang lahat ng nilikhang bagay ay nadala tungo sa pang-aalipin ng kabulukan at napasailalim ng kawalang-kabuluhan—5:12; 8:20:
   1. Dahil ang sangnilikha ay napasailalim ng kawalang-kabuluhan at sa pang-aalipin ng kabulukan, ang lahat ng bagay sa ilalim ng araw ay walang kabuluhan—Ecl. 1:2; 12:8.
   2. Sa kasalukuyan, ang sangnilikha ay naalipin sa ilalim ng kautusan ng pagkabulok at pagkasira; ang tanging pag-asa nito ay ang mapalaya mula sa pang-aalipin ng

kabulukan tungo sa kalayaan ng kaluwalhatian ng mga anak ng Diyos kapag ang mga anak ng Diyos ay nahayag—Roma 8:20-21.

B. Ang maningas na pagmimithi—nagmimithi nang may buong konsentrasyon—ng sangnilikha "ay sabik na naghihintay sa pagkahayag ng mga anak na lalaki ng Diyos"—b. 19:
   1. Ang pagkahayag ay isang paghahayag o isang pagpapakita ng isang bagay na dati ay natakpan o naitago—Efe. 1:17; 3:5; Gal. 1:15-16; Rev. 1:1.
   2. Sa ikalawang pagdating ng Panginoon, kapag tayo ay maluluwalhati at ang ating mga katawan ay lubusang matutubos, ang tabing ay maaalis—Roma 8:18.
   3. Ang sangnilikha, na "sama-samang humihibik at sama-samang nagdaramdam sa kasakitan hanggang ngayon (b. 22), ay naghihintay sa pagkahayag ng mga anak na lalaki ng Diyos (b. 19).
   4. Ang pagkahayag na ito ang magiging kasukdulan ng proseso ng pagtatalaga na ating nararanasan ngayon—cf. 1:4, talababa 1.

C. Bagama't ang buong nilikha ay kasalukuyang nasa kalagayan ng kawalang-kabuluhan at kabulukan, ipapasok ng Diyos ang Kanyang kaharian upang tuusin ang kasalukuyang kalagayan—Apoc. 11:15:
   1. Ang darating na kaharian ay magiging isang kaharian ng kaluwalhatian ng Diyos, isang kaharian na pangunahing binubuo ng mga nahayag na mga anak na lalaki ng Diyos—Mat. 6:10, 13; Roma 8:19.
   2. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay kasama ng Kanyang kaharian at nahahayag sa kinasasaklawan ng Kanyang kaharian—Mat. 6:10, 13b; Awit 145:11-13.
   3. Tinawag tayo ng Diyos upang pumasok tungo sa Kanyang kaharian at kaluwalhatian—1 Tes. 2:12:
      a. Ang kaharian ng Diyos ay ang kinasasaklawan upang sambahin natin ang Diyos at tamasahin ang Diyos sa ilalim ng dibinong pamumuno na may pananaw sa pagpasok tungo sa kaluwalhatian ng Diyos—Mat. 6:13b
      b. Ang kaharian ay ang kinasasaklawan upang maipatupad ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan nang sa gayon ay mahayag Niya ang Kanyang kaluwalhatian—Apoc. 5:10, 13.
      c. Ang pagliliwanag ng kaharian ay para sa kaluwalhatian ng Ama—Mat. 5:16.
   4. Ang kaharian ng Diyos ay ang paghahayag ng Diyos sa Kanyang kaluwalhatian kalakip ang Kanyang awtoridad para sa Kanyang dibinong administrasyon; kaya, ang pumasok tungo kaharian ng Diyos at ang pumasok tungo sa nahayag na kaluwalhatian ng Diyos ay nagaganap bilang isang bagay nang sabay—Heb. 2:10; Mat. 5:20; 1 Tes. 2:12; 2 Tes. 1:10; Apoc. 21:9-11; 22:1, 5.
   5. Ang sangnilikha ay sabik na naghihintay at maningas na nagmimithi na dumating ang kaharian ng Diyos; sa oras ng kahayagan ng kaharian, ang buong sangnilikha ay mapalalaya, at ang mga nahayag na anak ng Diyos ay maliligtas mula sa kawalang-kabuluhan at "magliliwanag na gaya ng araw sa kaharian ng kanilang Ama"—Mat. 13:43

*© 2020 Living Stream Ministry*